

Gumawa ng Sarili Mong Filter Fan

Linisin ang hangin sa loob ng inyong tahanan

MAKAKATULONG ANG MGA FILTER FAN NA PANATILIHING MALINIS AT MALUSOG ANG HANGIN SA LOOB NG INYONG TAHANAN.

Isang madali at murang paraan para gumawa ng sarili mong panlinis ng hangin sa bahay ay isang box fan at isang filter ng kalan. Kayang salain ng ganitong mga filter fan ang maliliit na particle na karaniwan sa usok na mula sa wildfire o mula sa kahoy. Maaaring humantong ang polusyon ng particle sa ilang agaran at pangmatagalang epekto sa kalusugan gaya ng hirap sa paghinga, pagsumpong ng hika, at sakit sa baga at puso. Lalong delikado ang polusyon ng particle sa mga bata, matatanda, at mga taong may mahinang resistensya.

PAANO GUMAGANA ANG FILTER FAN?

Hinihigop ng fan ang hangin sa pamamagitan ng filter, at naiwan dito ang alikabok, pollen, at iba pang particle. Mas malinis na hangin ang lalabas sa kabilang panig. Ilagay ang filter sa likod ng fan at tiyaking nakaturo ang mga arrow ng filter tungo sa fan. Pagkatapos, buksan ang fan.


GAANO KABISA ANG MGA FILTER FAN NA GAWA SA BAHAY?

Sinukat namin ang antas ng polusyon sa hangin sa apat na bahay sa rehiyon ng Puget Sound para malaman kung paano gumagana ang mga filter na ito. Sa mas maliliit na kuwarto, kung saan nakasara ang mga bintana at pintuan, nakita namin ang hanggang sa 90% kabawasan sa polusyon sa hangin.

Kapag ginamit nang wasto, maaaring malinis ang isang maliit na kuwarto sa loob ng hindi lalampas sa 15 minuto. Hindi kayang linisin ng filter fan ang malalaking kuwarto, pero kapag inilagay ito sa malapit, makakatulong ito sa paglilinis ng lugar sa paligid mo.

Mahalagang panatilihin nakasara ang mga bintana at pintuan kapag ginagamit ang filter fan. Napipigilan nito ang muling pagpasok ng maruming hangin sa kuwarto.

Pagganap ng Filter Fan



Gumawa ng Sarili Mong Filter Fan

MGA TAGUBILIN SA PAGGAMIT NG FILTER FAN

Hindi idinisenyo ang box fan para gamitin nang may mga filter at hindi pa nasusuri kung ligtas na gamitin ang mga filter fan. Tiyaking sumunod sa mga tagubiling ito:

- Gamitin ang fan sa kuwarto kung saan ka laging naroon.
- Ilagay ang fan sa gitna ng kuwarto, malayo sa mga dingding at malalaking bagay. Huwag ilagay ang fan malapit sa maalikabok o maduming lugar dahil hihipan ng fan ang alikabok papunta sa hangin.
- Isara ang lahat ng bintana at pintuan habang ginagamit ang fan. Hindi kayang linisin ng filter fan ang hangin kung pumapasok ulit ang polusyon sa kuwarto. Gayunpaman, kung masyadong mainit sa loob, pwede kang magbukas ng bintana at paandarin ang fan nang walang filter.
- Gamitin ang fan sa loob ng 10-15 minuto kung kinakailangan.
- Para sa kaligtasan sa kuryente, huwag gamitin ang fan sa banyo o sa malapit sa tubig.
- I-off ang fan paminsan-minsan para maiwasan ang pag-o-overheat.
- Patayin ang filter fan kapag lalabas ka ng kuwarto.
- Huwag gamitin habang natutulog o kapag wala sa bahay.
- Palitan ang mga filter kada 3 buwan o kapag mukha nang marumi ang mga iyon.
- Kailangang may "MERV-rating" na 13 ang mga filter.
- **Sa pagtanggap ng filter fan, tinatanggap ng user ang responsibilidad para sa paggamit, pagsasaayos, at pagganap ng filter fan na natanggap mula sa Puget Sound Clean Air Agency.**

KAILAN MO DAPAT GAMITIN ANG FILTER FAN?

- Kapag mausok o maalikabok ang hangin sa labas. Habang at pagkatapos ng anumang nakakalikha ng polusyon sa hangin sa loob ng bahay, gaya ng paninigarilyo, pagluluto, o pagsusunog ng insenso o mga kandila.
- Para sa kaligtasan, hindi dapat gamitin ang mga fan kung walang tao sa bahay o kung natutulog ang lahat.
- Huwag gamitin ang filter fan kung nakabukas ang mga bintana.



MGA TAGUBILIN SA PAGBUO

May dalawang bersyon na puwede mong gawin sa bahay, ang isa ay gamit ang metal na mga clip na may kasamang screw driver at ang isa ay gamit ang mga plastik na bracket na walang kasamang tool.

Kasama sa mga kit ng filter fan ang nakalimbag na mga tagubilin sa pagbuo.

Matatagpuan mo rin ang mga iyon sa pscleanair.gov/filterfan